# Pagtugon sa Kapahamakan ng Nakakalason na Kemikal

## Abiso Hinggil sa Kapahamakan ng Nakakalason na Kemikal

Sakaling naharap sa kapahamakan ng nakakalason na kemikal, kailangan bawasan ang pagkawala ng buhay at ari-arian sa loob ng posibleng pinakamadaling panahon, at kasabay ang pagbawas sa epekto nito sa nakapalibot na kapaligiran. Ang pinakamadali at direktang paraan ay kunin ang telepono at ipaalam sa 119 Sentro ng Serbisyong Bumbero at ipaasikaso sa taga-empleyo.

- ✓ May naganap na aksidente sa planta ng kemikal o ang trak na naghahatid ng kemikal, at may usok at apoy sa mga lugar na malapit sa lugar ng aksidente.
- ✓ Walang sunog sa lugar ng aksidente, ngunit may mga kakatwang bakal na dram o lalagyan, may nakakayamot na amoy sa hangin, at may kahina-hinalang pulbos o likido sa sahig.

## Simpleng Artikulo Hinggil sa Pagtugon sa Nakakalason na Kemikal

### "Takbo, Hubad, Babad, Takpan, at Sugod"--- ang simpleng paraan sa pagtugon sa kapahamakan ng nakakalason na kemikal

"Takbo":
Ito ay ang paggamit ng panyo o basang tela upang takpan ang bibig at ilong, at umalis nang paakyat at patungo sa direksyon ng hangin, magsuot ng kapote (kung mayroong kapote, mas mabuti kung may kasamang sapatos) o jacket, gumamit ng simpleng proteksiyon na materyales upang harangin ang mga nakakalason na kemikal at mabawasan ang pagpasok ng nakakalason ng kemikal sa katawan. Ang salitang "Takbo" ay tumutukoy sa pagpigil ng pagpasok ng nakakalason na kemikal sa loob ng katawan sa loob ng maikling panahon at pagbawas sa bahagi ng katawan na nalalantad sa nakakalason na kemikal nang kasabay ang paglikas mula sa lugar ng aksidente upang hindi madamay.

"Hubad":
Ito ay ang paghubad ng panlabas na kasuotan o panaklob kapag nasa ligtas na lugar na, at ipasok sa plastik na supot ang panlabas na kasuotan at isara ng mabuti.

"Babad":
Kapag pinaghihinalaan na natamaan ng nakakalason na kemikal ang balat, maaaring magbabad ng 10 minuto sa binebentang pampaputi na kemikal (Clorox) na pinalabnaw ng 10 beses. Pagkatapos ay hugasan ng alkalina na sabon o tubig, o hugasan ang apektadong bahagi gamit ang pulbos ng aktibong karbon, pampaputi na kemikal, soda at ibang katulad na bagay. Ang "Babad" ay tumutukoy sa simpleng paglilinis ng dumi at pagtatanggal ng lason upang mabawasan ang bilis ng pagsipsip ng balat sa nakakalason ng kemikal, kung wala ang mga bagay na ito, gamitin ang tubig sa tuluy-tuloy na paglilinis.

"Takpan":
Takpan ng malinis na damit.

“Sugod”:
Isugod agad para magpagamot o gamutin agad. Maaaring makipag-ugnay sa lokal na 119 at sundin ang mga tagubilin ng tagapagligtas. Kung nakatira sa apektadong lugar, makinig sa mga tagubilin ng pulisya o bumbero, kung kailangan bang lumisan o sumilong sa tinitirahan na lugar. Kung kailangan lumisan, kailangan isara ang mga pinto at bintana at patayin ang pinagmumulan ng apoy. Kung kailangan sumilong sa tinitirahan na lugar, huwag mag-alinlangan, mabilis na pumasok sa silid, isara ang lahat ng mga pinto at bintana, tingnan kung isasara ang air conditioner o papalitan ang pagpapaikot ng hangin sa loob, kung hindi pa rin panatag ang loob, maaaring  gamitin ang plastik tape upang takpan ang puwang sa pagitan ng mga pinto at bintana, at tingnan din kung nadumihan ba ng mga pagkain at inumin.

# Pagpapaliwanag sa Mga Simbolo ng Sistema ng Pandaigdigang Pagkakatugma (GHS) ng Mga Kemikal

<table>
<tr><th>Apoy</th><th>Tandang Padamdam</th><th>Panganib sa Kalusugan</th></tr>
<tr><td>• Madaling masunog na gas<br>• Madaling masunog na goma<br>• Madaling masunog na likido<br>• Madaling masunog na solido<br>• Sariling-reaktibong materyal<br>• Organic peroxide<br>• Lumiliyab na likido<br>• Lumiliyab na solido<br>• Sariling umiinit na material<br>• Materyal na lumiliyab kung nabasa</td><td>• Materyal na lubos na nakakalason Antas 4<br>• Materyal na nakakaagnas/ nakaka-irita ng balat Antas 2<br>• Materyal na lubhang nakakapinsala/nakaka-irita sa mata Antas 2<br>• Materyal na nakakadulot ng alerhiya sa balat<br>• Materyal na nakakalason sa tiyak na laman-loob – Antas 3 ang isang pagkakalantad</td><td>• Materyal na nakakadulot ng alerhiya sa sistemang respiratoryo<br>• Materyal na nagdudulot ng pagbabago sa mga germ cell<br>• Materyal na nagdudulot ng kanser<br>• Materyal nanakakalason sa sistema ng pag-aanak<br>• Materyal na nakakalason sa tiyak na laman-loob – Antas 1-2 ang isang pagkakalantad<br>• Materyal na nakakalason sa tiyak na laman-loob – Paulit-ulit na pagkakalantad<br>• Materyal na nakakapahamak kapag nasinghot</td></tr>
<tr><th>Nakakaagnas</th><th>May Apoy sa Loob ng Bilog</th><th>Pagsabog ng Bomba</th></tr>
<tr><td>• Nakakaagnas na metaliko<br>• Materyal na nakakaagnas/nakaka-irita sa balat Antas 1<br>• Materyal na lubhang nakakapinsala/nakaka-irita sa mata Antas 1</td><td>• Gas na oxidizer<br>• Likido na oxidizer<br>• Solido na oxidizer</td><td>• Sumasabog na bagay<br>• Uri A o B na sariling-reaktibong materyal<br>• Uri A o B na organic peroxide</td></tr>
<tr><th>Gas na Nasa Bakal na Bote</th><th>Kapaligiran</th><th>Bungo at 2 Naka-ekis na Buto</th></tr>
<tr><td>• May presyon na gas</td><td>• Nakakapahamak na materyal sa tubig sa kapaligiran</td><td>• Materyal na lubos na nakakalason Antas 1-3</td></tr>
</table>